BAGONG PILIPINAS

DEPARTMENT OF AGRICULTURE

# DALUYAN

Opisyal na Pahayagan ng Pambansang Pangasiwaan ng Patubig | Rehiyon MIMAROPA
Vol. 14 No. 2 April -June 2024

# NIA MIMAROPA, ipinagdiwang ang ika-13 Anibersaryo sa pamamagitan ng Adopt-a-Student Program

Ma Isabel C. Beltran

Ipinagdiwang ng NIA MIMAROPA ang ika-13 anibersaryo sa pamamagitan ng Adopt-a-Student Program noong Abril 2024. Ito ay pinangunahan nina Regional Manager Engr. Ronilio M. Cervantes, Engineering and Operations Division Manager Engr. Lowell L. Lozano, at Administrative and Finance Division Manager Kirsty Caroline M. Hernandez-Aceron.

Ang inisyatibang ito ay nagpapakita ng kanilang walang sawang dedikasyon sa kanilang panlipunang responsibilidad. Sa pamamagitan ng mga donasyon mula sa mga empleyado, ang programa ay nagbigay sa mga mag-aaral na higit na nangangailangan ng mga mahahalagang gamit pang-eskwela, at mga hygiene kit sa sa buong rehiyon. Ang gawaing ito ay makatutulong sa mga mag-aaral na makapagpokus sa kanilang edukasyon nang walang balakid at maabot ang kanilang buong potensyal.

Ang Regional Office ay nakatulong sa 120 mag-aaral ng Bucayao Elementary School sa Calapan City, Oriental Mindoro, habang ang NIA Mindoro Oriental-Marinduque-Romblon (MOMARO) Irrigation Management Office (IMO) ay nagbigay tulong naman sa 105 katutubong mag-aaral ng Lantuyang Elementary School sa Baco, Oriental Mindoro. Samantala, 147 na mag-aaral ng San Roque II Elementary School sa San Jose, Occidental Mindoro ang natulungan ng Occidental Mindoro IMO at ang Palawan IMO naman ay nagpaabot ng tulong sa 50 mag-aaral ng Dumangueña Elementary School sa Narra, Palawan.

Sa suporta rin nina NIA MOMARO IMO Acting Division Manager Engr. Maria Victoria O. Malenab, Occidental Mindoro IMO Division Manager Engr. Raymundo L. Calusin, at Palawan IMO Division Manager Engr. Armando L. Flores, naging posible at naisakatuparan ang programang ito.

Sa pamamagitan ng sama-samang pagsisikap at dedikasyon ng mga empleyado at mga katuwang na institusyon, ang Adopt-a-Student program ay nagpapakita ng mas malinaw na pagharap ng mga mag-aaral sa kanilang kinabukasan para mas matatag na hinahanarap.



## TOP MANAGEMENT

**ENGR. RONILIO M. CERVANTES**
*Regional Manager*

**ENGR. LOWELL L. LOZANO**
*Engineering and Operations Division Manager*

**MS. KIRSTY CAROLINE M. HERNANDEZ-ACERON**
*Administrative and Finance Division Manager*

**ENGR. MARIA VICTORIA O. MALENAB**
*Mindoro Oriental-Marinduque-Romblon IMO Acting Division Manager*

**ENGR. RAYMUNDO L. CALUSIN**
*Occidental Mindoro IMO Division Manager*

**ENGR. ARMANDO L. FLORES**
*Palawan IMO Division Manager*

**ENGR. SUZANNE J. SAN JUAN**
*Planning Design & Construction Section Chief*

**ENGR. EDGARD LAURENZ M. GERONIMO**
*Operations Section Officer-in-Charge*

**MS. JOY U. BAUTISTA**
*Administrative Section Chief*

**MS. MA. ELOISA M. TUERTO**
*Finance Section Officer-in-Charge*

**ENGR. AVE JANE V. ALVARADO**
*Institutional Development Unit Head*

**ENGR. REI IMMANUEL A. MAMINTA**
*Equipment Unit Head*

**MS. SUSAN R. LOZANO**
*Human Resource Unit Head*

**MS. LEIZLE L. LAUDENCIA**
*Procurement and Property Unit Head*

## EDITORIAL STAFF

**MA. ISABEL C. BELTRAN**
**AILEEN VERNICE G. BAHIA**
*Editor-in-Chief*

**DARYLL JOHN M. BERNARDO**
*Layout/Senior Artist Illustrator*

**DARYLE C. CAMARA**
**HANNAH ROSE ANN M. GARDOCE**
**VIVIAN T. DIMZON**
*Contributors/Writers*

**Para sa komento, suhestyon at kontribusyon, tumawag lamang sa (043) 288-7267**

region4b.nia.gov.ph  mimaropa@nia.gov.ph  NIA.Region4B


**03 - 04** NIA MIMAROPA, ipinagdiwang ang Ika-13 anibersaryong pagbibigay serbisyo

**05** MIMAROPA, kinilala bilang Outstanding Regional Office ng National Irrigation Administration

**06** NIA MOMARO IMO, Kampyeon sa NIA MIMAROPA Duet Singing Contest

81 Irrigators Association at Eastern Mindoro Irrigators Federation (EMIF) Inc., nakatanggap ng P12 milyong subsidiya para sa 2024 Dry Season

**07** ₱2.3M halaga ng inputs at cash assistance para sa programang Rice Contract Farming Scheme, ipinamahagi ng NIA MOMARO IMO

**08** 9 na proyektong pang-Irigasyon, naisakatuparan na ng MOMARO IMO ngayong buwan ng Hunyo

NIA Palawan IMO, nakipag-kaisa sa DENR para sa Mega Irrigation Project sa Rizal, Palawan

**09** Indalawan Communal Irrigation System, pakikinabangan na ng mga magsasaka sa Balabac, Palawan

**10** 409 magsasaka, makikinabang sa ₱14M irigasyon sa Narra, Palawan

NIA at DSWD, nagkaisa upang isakatuparan ang Project LAWA at BINHI sa lalawigan ng Occidental Mindoro

**11** Occidental Mindoro IMO IA Training

**12** 12 IA, nagkaisa para sa “Lingap sa mamamayan ng Sta. Cruz” sa ilalim ng Programang Kadiwa ni Pangulong BBM

# NIA MIMAROPA, IPINAGDIWANG ANG IKA-13 ANIBERSARYONG PAGBIBIGAY SERBISYO

*Ma. Isabel C. Beltran*

Noong Abril 26, 2024, ipinagdiwang ng National Irrigation Administration (NIA) MIMAROPA ang ika-13 anibersaryo nito sa temang "NIA MIMAROPA at 13th, Gearing-Up for Growth: Empowering Agriculture through Innovation and Collective Action," sa pangunguna ni Regional Manager Engr. Ronilio M. Cervantes. Tampok dito ang iba't ibang aktibidad, gaya ng misa ng pasasalamat, Community Service Program, panunumpa sa pagganap sa tungkulin ng mga bagong promote at reappointed na mga empleyado, pagkilala at pasasalamat sa mga kontribusyon ng mga nalalapit ng mag-retirong mga kawani ng ahensya sa pamamagitan ng Salamat-Mabuhay Program, pagkilala sa Outstanding Irrigators' Association ng rehiyon ng National Irrigation System (NIS), Communal Irrigation System (CIS) at CARP-IC, at pagkilala sa mga Outstanding Performers ng Regional Office at tatlong IMO. Dumalo din sa kaganapan sina Engineering and Operations Division Manager Engr. Lowell L. Lozano, Administrative and Finance Division Manager Kirsty Caroline M. Hernandez-Aceron, Mindoro Oriental-Marinduque-Romblon Irrigation Management Office (IMO) Acting Division Manager Engr. Maria Victoria O. Malenab, Occidental Mindoro IMO Division Manager Engr. Raymundo L. Calusin, Palawan IMO Division Manager, at mga empleyado mula sa Regional Office at tatlong IMO.

Nagbigay ng pagkakataon ang nasabing pagdiriwang sa mga empleyado ng NIA na balikan ang 13 taong paglilingkod ng ahensya sa pagbibigay ng serbisyong irigasyon sa mga magsasaka at iba pang stakeholder.

**Pagkilala sa Outstanding IAs sa NIA MIMAROPA**



- Matabiaga Malawaan Irrigators' Association, Inc. mula sa Occidental Mindoro IMO, kinatawan ni IA President Ernie T. Urbina, IA Secretary Chona U. Manugay, at IA Treasurer Enriqueta D. Tayco (NIS Category)



- Malapandeg Farmers Irrigators Association, Inc. mula sa Palawan IMO, kinatawan ni IA President Jordan G. Nazareno (CIS Category)



- Kaligtasan Farmers Irrigators Association, Inc. mula sa MOMARO IMO, kinatawan ni IA President Conrado Padilla at IA Treasurer Nemia B. Fabrega (CARP-IC Category)

**Pagkilala at pasasalamat sa mga kawani ng ahensya na nag-retiro sa Serbisyo**

- MOMARO IMO Division Manager Engr. Gerardo R. Perez (35 taong serbisyo)
- Collection Representative Ms. Cerila R. Siscar (44 taong serbisyo)
- Industrial Security Guard Mr. Bienvenido P. Real (19 taong serbisyo)



**Outstanding Performers Para sa Taong 2023**

**REGIONAL OFFICE**
CORE - Irene V. Gayos  Sr. IDO A
SUPPORT - Ma. Eloisa M. Tuerto  Financial Planning Specialist B

**MOMARO IMO**
CORE - Joeriel C. Quinzon  Senior Draftsman
SUPPORT - Rhean D. Salcedo Data Controller II

**OCCIDENTAL MINDORO IMO**
CORE - Ronnie G. Rapilo Community Relations Officer B
SUPPORT - Fernando R. Magallanes Jr. Industrial Security Guard A

**PALAWAN IMO**
CORE - Mary Grace B. Cartgena Sr. Engineer A
SUPPORT - Wilfredo A. Velarde  Industrial Security Guard A




**Outstanding Performers Para sa Ikalawang Semester 2023**

**REGIONAL OFFICE**
CORE - Lovely D. Ricablanca  IDO A
SUPPORT - Annie Rose G. Cabral Corporate Accounts Analyst

**MOMARO IMO**
CORE - Jonathan D. Geron IDO A
SUPPORT - Lemuel B. Mañibo  Property Officer B

**OCCIDENTAL MINDORO IMO**
CORE - Ryn Jhon R. Masangkay Supervising Engineer A
SUPPORT - Wilfredo M. Cataluña Driver Mechanic B

**PALAWAN IMO**
CORE - Rocky B. Rosario  Engineering Assistant A
SUPPORT - Jhonnie Jun C. Driz  Driv er Mechanic B



**Mga kawani ng Regional Office na kinilala sa pagiging Maagap**

- Maggie M. Aldovino, Utility Worker A
- Annie Rose G. Cabral, Corporate Accounts Analyst
- Andres R. Carable, Driver Mechanic B
- Engineer A Arnold M. Mascareñas
- Senior Engineer A Benedict Santi S. Perez
- Cashier A Rose May F. Quinzon
- Driver Mechanic A Sherwin A. Conjares
- Senior Corporate Accounts Analyst Romar Glen H. Diego
- Procurement Assistant A Joseph Q. Endozo Pagtanggap ni Senior Corporate Accounts Analyst

**Natatanging Parangal**
- Senior Corporate Accounts Analyst Romar Glen H. Diego  para sa kanyang ambag at pagsisikap sa pinansiyal na tagumpay ng ahensya.



**Panunumpa sa serbisyo ng mga bagong promote, o reappointed na mga empleyado**

- Jennifer J. De Lemos, Senior Accounting Processor A (Regional Office)
- Reynaldo R. Zoleta Jr., Industrial Security Guard A (MOMARO IMO)
- Carlo E. Malapad, Senior Engineer A (MOMARO IMO)
- Junar C. Veloso, Engineer A (MOMARO IMO)
- Randy D. Montoya, Automotive Mechanic A (MOMARO IMO)
- Mark Renier D. Malaluan, Engineer A (MOMARO IMO)
- Sheree Ann T. Atienza, Senior Accounting Processor A (MOMARO IMO)
- Jessie Alfante, Engineer A (MOMARO IMO)
- Mia Queennie B. Arpon, Supervising Engineer A (Palawan IMO)
- Wilma M. Deinla Utility Worker A (mula sa Occidental Mindoro IMO na nagbigay ng kanyang panunumpa nang virtual)



# MIMAROPA, kinilala bilang OUTSTANDING REGIONAL OFFICE ng National Irrigation Administration

Ma Isabel C. Beltran

Muling kinilala ang kahusayan ng NIA MIMAROPA bilang CY 2023 Outstanding Regional Office sa pagdiriwang ng ika-61 Anibersaryo ng NIA noong Hunyo 21, 2024, sa NIA Central Office Edsa Diliman, Quezon City.

Iginawad nina Department of Agriculture (DA) Undersecretary Christopher Morales, NIA Administrator Engr. Eduardo Eddie G. Guillen, at iba pang kilalang opisyal ng ahensya ang nasabing parangal. Ipinapakita ng parangal na ito ang patuloy na tagumpay ng NIA MIMAROPA, dagdag sa kanilang mga naging pagkilala bilang Best Regional Office para sa taong 2018 at 2020.

Ang prestihiyosong parangal na ito ay patunay ng walang humpay na dedikasyon ng NIA MIMAROPA sa kanilang misyon: ang magbigay ng epektibo at kalidad na serbisyo sa irigasyon sa mga magsasaka sa rehiyon. Tinitiyak nito ang tuloy-tuloy at sapat na daloy ng tubig, na mahalaga para sa produktibidad sa agrikultura.

Ang tagumpay na ito ay resulta ng sama-samang pagsisikap ng buong NIA MIMAROPA, sa pamumuno ni Regional Manager Engr. Ronilio M. Cervantes, Engineering and Operations Division Manager Engr. Lowell L. Lozano, at Administrative and Finance Division Manager Kirsty Caroline M. Hernandez-Aceron. Malaki rin ang papel ng mga namumuno sa tatlong (3) Irrigation Management Offices (IMOs): Mindoro Oriental-Marinduque-Romblon IMO Acting Division Manager Engr. Maria Victoria O. Malenab, Occidental Mindoro IMO Division Manager Engr. Raymundo L. Calusin, at Palawan IMO Division Manager Engr. Armando L. Flores. Sa ilalim ng kanilang makabuluhang pamumuno, patuloy na ipinakita ng ahensya ang kahusayan sa operasyon, na isinasaalang-alang ang kapakanan ng mga magsasaka na kanilang pinaglilingkuran.


Kinilala ng NIA MIMAROPA ang patuloy na tiwala at suporta ng NIA Top Management na pinamumunuan ni NIA Administrator Guillen. Habang ipinagdiriwang ang tagumpay na ito, nananatiling matatag ang NIA MIMAROPA sa kanilang pangako na maglingkod sa mga magsasaka sa buong rehiyon.

Tuloy ang Daloy sa NIA MIMAROPA. Patuloy na maglilingkod sa mga magsasaka.









# NIA MOMARO IMO,
# Kampyeon sa NIA MIMAROPA SINGING CONTEST

Ma Isabel C. Beltran

Kampyeon sa isinagawang NIA MIMAROPA Duet Singing Contest sina Senior Engineer A Junar C. Veloso at Senior Corporate Accounts Analyst Mabel D. Romasanta mula sa MOMARO IMO noong Mayo 28, 2024 sa NIA, Bayanan II, Calapan City, Oriental Mindoro.

Sila ang nahirang ng NIA MIMAROPA Top Management at ng panauhing hurado na si Merry A. Marasigan, LPT na nagwagi sa nasabing kompetisyon at maging kinatawan ng rehiyon sa Duet Singing Contest sa NIA Central Office.

Sa pagdiriwang ng ika-61 anibersaryo ng ahensya noong Hunyo 2024 sa NIA Central Office, ang NIA MIMAROPA ay makikiisa sa iba't ibang aktibidad, kabilang na ang Duet Singing Contest at Mr. and Ms. NIA Pageant 2024.

Sina Engineer A Renz Michael L. Cacho at Industrial Relations Management Development Officer C Florence Joanne G. Java mula sa Palawan IMO, at Research Analyst Elan Vital D. Buhay at Sr. Artist Illustrator Daryll John M. Bernardo ng Regional Office ay lumahok din sa nasabing kompetisyon.

Dumalo at nakiisa ang mga empleyado mula sa Regional Office at tatlong IMO sa nasabing kompetisyon.




# 81 Irrigators Association
## at Eastern Mindoro Irrigators Federation (EMIF) Inc., nakatanggap ng ₱12 Milyong subsidiya para sa 2024 Dry Season

Walumpu't isang (81) Irrigators Associations kasama ang Eastern Mindoro Irrigators' Federation (EMIF) Inc. ay nakatanggap ng ₱12 milyon subsidiya para sa 2024 Dry Season. Noong Mayo 28, 2024, sa ginanap na IA Review and Planning Workshop. Ito ay pinangunahan ni NIA MIMAROPA Regional Manager Engr. Ronilio M. Cervantes at NIA MOMARO IMO Acting Division Manager Engr. Maria Victoria O. Malenab sa NIA Covered Court, Bayanan II, Calapan City, Oriental Mindoro.

Sa kanyang mensahe, hinikayat ni Regional Manager Cervantes na ipagpatuloy nila ang kanilang matibay na suporta sa mga inisyatibo at programa ng NIA MIMAROPA.

Binigyang diin din niya na ang natanggap na subsidiya ng mga magsasaka ay tumaas ng halos 300%, mula sa ₱150.00 ay naging ₱500.00 kada ektarya kada cropping season.

*ituloy sa pahina 7*



mula sa pahina 6

Dagdag pa niya, maraming mga programa ang inihanda upang mapataas ang antas ng pamumuhay ng mga magsasaka. Ang kahalagahan ng patuloy na pagkikipagkaisa at pakikipagtulungan ng mga magsasaka ay masisiguro ang kanilang pag-unlad at pag-usbong ng mga oportunidad para sa pag-asenso ng agrikultura.

Ang mga kalahok ay sumabak sa mga komprehensibong sesyon na nakatuon sa kalagayan ng Operations and Maintenance, pati na rin sa mga estado ng proyekto para sa CY 2024 at 2025 na naglalayong pagbutihin ang mga sistema ng irigasyon, pataasin ang produktibidad ng agrikultura, at tugunan ang mga hamon na kinakaharap ng mga lokal na magsasaka.

Ipinahayag ng mga IA Presidents ang kanilang taos-pusong pasasalamat kay Pangulong Ferdinand R. Marcos, Jr. at NIA Administrator Engr. Eduardo Eddie G. Guillen para sa mga natanggap nilang subsidiya at sa patuloy na pagpapalawak ng mga programang nakatutulong sa mga magsasaka.



# P2.3M HALAGA NG INPUTS AT CASH ASSISTANCE PARA SA PROGRAMANG RICE CONTRACT FARMING SCHEME, ipinamahagi ng NIA MOMARO IMO

*Hannah Rose Ann Masongsong*

Ipinamahagi ng MOMARO IMO ang may ₱2.3 million halaga ng mga inputs at cash assistance sa mga nakipagkaisang mga IA sa programang Rice Contract Farming Scheme ni NIA Administrator Engr. Eduardo Eddie G. Guillen.

Ang MOMARO IMO sa paggabay ni NIA MIMAROPA Regional Manager Engr. Ronilio M. Cervantes at pamumuno ni Acting Division Manager Engr. Maria Victoria O. Malenab, ay nagbahagi ng 1,165 bag ng hybrid rice seeds (3kg bawat bag), iba't-ibang farm inputs tulad ng abono, fungicides, herbicides at molluscides at cash assistance na nagkakahalaga ng layunin nitong tugunan ang mga gastusin sa labor at renta para sa paghahanda ng lupa at pagpapanatili ng mga pananim sa mga lokal na Irrigators' Associations kabilang ang Samahang Magpapatubig ng Bayanan 2 Irrigators' Association, Inc., Aurora Naujan Oriental Mindoro Irrigators Association, Inc., Mapalo Water System Irrigators Association, Inc., Sumviltad Irrigators Association, Inc., Aklejo Farmers Irrigators' Association, Inc., Pakyas Duongan Leido Irrigators Association, Inc. at Horn Creek Irrigators and Farmers Association, Inc.



Sa pagbibigay ng de-kalidad na binhi, kinakailangang inputs sa pagsasaka, at pinansyal na suporta, layunin ng tanggapan na palakasin ang sektor ng agrikultura, tiyakin ang seguridad sa pagkain at pagbutihin ang kabuhayan ng komunidad ng mga magsasaka. Ang patuloy na pakikipagtulungan at pagbibigay-pansin sa agrikultura ay nananatiling mga pangunahing prayoridad ng MOMARO IMO, habang sila ay nagsusumikap tungo sa pagpapanatili ng paglago at pag-unlad ng industriya ng pagsasaka sa rehiyon.





# 9 na proyektong pang-irigasyon, naisakatuparan na ng MOMARO IMO
## ngayong buwan ng Hunyo

Hannah Rose Ann Masongsong

Sa pagpasok ng buwan ng Hunyo 2024, nasa siyam (9) na proyektong pang-irigasyon para sa taong 2024 ang natapos at naisakatuparan na ng NIA MOMARO IMO. Ito ay patunay ng pagpapakita ng dedikasyon at kahusayan ng ahensya.



Ang mga proyektong ito ay ang Pula River Irrigation System (RIS), Baco Communal Irrigation System (CIS), Bangkatan CIS, Sta. Maria CIS, Palabiga-Manihala CIS, Calamundingan CIS, Guimbonan Sta. Theresa SIS, Agsalin CIS at Maliwanag SIS na may halagang Php33.7M. Inaasahang makapagbibigay ang mga ito ng maayos at sapat na patubig sa may 1,697.93 ektaryang lupang sakahan may 871 magsasakang benepisyaryo.



Kasama sa mga proyektong ito ang pagkukumpuni ng dam, konstruksyon ng service road, paglalagay ng gabion at mattresses, pagkukumpuni ng mga check gate structures, at konstruksyon ng canal lining at mga kaugnay nitong istruktura.

Nagpahayag ng pasasalamat ang Irrigators' Association sa NIA MIMAROPA para sa matagumpay na pagkumpleto ng mga proyektong ito. Umaasa ang asosasyon na ang pinahusay na mga imprastraktura ng patubig ay makapagbibigay ng maayos na daloy ng patubig at magdudulot ng mas masaganang ani.



Ang tagumpay na ito ay malaking katulungan sa mga magsasaka sa komunidad. Nakahanda ang mga ito upang suportahan ang mga gawaing pang-agrikultura ng komunidad na sumisimbolo sa katatagan at pag-unlad nito sa kabila ng mga hamon na kinakaharap nila.

# NIA PALAWAN IMO, nakipagkaisa sa DENR
## para sa Mega Irrigation Project sa Rizal, Palawan

Daryle C. Camara



Sa ilalim ng pamamahala ng National Irrigation Administration (NIA) MIMAROPA Regional Manager Engr. Ronilio M. Cervantes, ang Palawan Irrigation Management Office (IMO), sa pamumuno ni Division Manager Engr. Armando L. Flores ay nakipagkaisa sa DENR para sa Mega Irrigation Project sa Rizal ,Palawan. Ang NIA Palawan IMO ay lumahok sa isang pulong kasama ang Technical Working Group (TWG) ng Mt. Mantalingahan Protected Landscape-Protected Area Management Office (MMPL-PAMO), Committee on Biodiversity Conservation and Monitoring at Committee on Project Development ng Department of Environmental and Natural Resources (DENR) sa training hall ng DENR Provincial Environment and Natural Resources Office (PENRO) noong Mayo 15, 2024 sa Puerto Princesa City.

ituloy sa phina 7

Ang pagpupulong ay nakatuon sa paglalahad at pagtalakay sa mga plano at programa ng NIA partikular na ang Malabangan River Irrigation Project (RIP), Ilog-Ilog RIP, at Ransang Small Irrigation Project (SIP) sa Rizal, Palawan. Ang tatlong flagship irrigation project na ito ay na-validate ng MMPL team upang makakuha ng endorsement mula sa Protected Area Management Board (PAMB).

Binigyang-diin sa pagpupulong na ang Malabangan RIP ay nakapaluob sa protektadong lugar, na nangangailangan ng masusing koordinasyon sa DENR para sa pagkuha ng iba't ibang mga permit tulad ng Environmental Compliance Certificate (ECC), gratuitous permit para sa mga special land uses of forest land, gayundin ang pagproseso at pagkuha ng Free Prior and Informed Consent (FPIC), at iba pang mahahalagang certificate tulad ng certificate of precondition o non-overlap bago ang pagpapatupad ng proyekto.

Samantala, ang Ilog-Ilog RIP at Ransang SIP ay hindi sakop ng protektadong lugar, ngunit ang NIA ay kinakailangang gumawa ng Environmental Management Plan (EMP) upang pangalagaan at i-rehabilitate ang watershed nito dahil ang ilog na sakop nito ay kabilang sa protektadong lugar. Inatasan din ng DENR ang NIA na i-secure at isumite ang mga kinakailangang dokumentasyon kabilang ang pag-endorso mula sa Indigenous Peoples (IPs) group, Sangguniang Bayan at Barangay, listahan ng mga benepisyaryo, panukala sa proyekto, at plano sa pagpapaunlad.

Dumalo sa pagpupulong na ito ang mga tauhan ng Palawan (IMO) kasama ang TWG ng DENR MIMAROPA sa pangunguna ni Executive Director Felix Mirasol Jr., na kinatawan ni Ronie E. Candeza at ang namumunong opisyal sa pulong na si Conservation International, County Executive Director, Ms. Jeanne G. Tabanggay.





# Indalawan Communal Irrigation System,
## pakikinabangan na ng mga magsasaka sa Balabac, Palawan

*Daryle C. Camara*

Pakikinabangan na ng mga magsasaka sa Balabac, Palawan ang bagong irrigation facilities ng Indalawan Communal Irrigation System matapos ang isinagawang inagurasyon at pagpapasinaya nito noong ika-15 ng Mayo, 2024.

Sa pangunguna ni NIA MIMAROPA Regional Manager, ibinagahi ang nasabing proyekto sa Samahan Maralitang Magsasaka ng Balabac Association, Inc.

Ang bagong pasilidad ay binubuo ng 498-meter concrete canal lining na magpapatubig sa anim napu't anim (66) na ektaryang palayan at mapakikinabangan ng dalawampu't apat (24) na magsasaka na pinamumunuan ni Pangulong Eliseo Masangkay. Ito ay bahagi ng mithiin ng Ahensya na makapagbigay ng proyektong pang-irigasyon, partikular sa mga malalayong lugar upang tumaas ang ani at mapaunlad ang kabuhayan ng mga magsasaka.

Ang mga miyembro ng samahan ay nagpahayag ng kanilang taos-pusong pasasalamat sa NIA, sa pangunguna ni Administrator Eduardo Eddie G. Guillen, para sa proyektong pang-irigasyon sa bayan ng Balabac. Pinuri ni Pangulong Masangkay si Regional Manager Engr. Cervantes sa pagiging unang direktor na personal na nag-turn over ng mga pasilidad ng irigasyon sa kanilang lugar at makita ang sitwasyon ng magsasaka sa kanilang lugar.

**"Nagtala ng kasaysayan sa Balabac si Engr. Cervantes bilang kauna-unahang regional director [Manager] na pumunta sa aming liblib na pook upang personal na maibahagi sa ating magsasaka ang proyektong pang-irigasyon at suriin ang iba pang pangangailangan natin sa agrikultura sa ating lugar,"** ang sabi ni Pangulong Masangkay.

Ang inagurasyon ay dinaluhan din ni Palawan IMO Division Manager Engr. Armando L. Flores at ilan sa mga kawani ng ahensya, Balabac Department of Agriculture (DA) Frederick Villanada, mga pinuno ng barangay council sa pangunguna ni Kapitan Jaime De Rosas, at mga miyembro ng samahan.



# 409 magsasaka makikinabang sa P14M irigasyon sa Narra, Palawan

Daryle C. Camara



Pakikinabangan ng mga 409 na magsasaka ng Dumangueña Manaile River Irrigators Association (IA) ang ₱14 milyon halaga ng irigasyon ng Malatgao River Irrigation sa Narra, Palawan.

Pinasinayaan ang nagsabing proyekto noong Mayo 15, 2024 sa pangunguna ni NIA MIMAROPA Regional Manager Engr. Ronilio M. Cervantes at Palawan IMO Division Manager, Engr. Armando L. Flores. Kasama rin sa nasabing kaganapan at mga miyembro ng benepisyaryong IA sa pangunguna ni R4B Vice President of Regional Federation of IAs at Palawan National Irrigation System (NIS) Federation of IAs, Pangulong Jibsam Andres.

Layon ng proyekto na makapagbigay ng mabisang irigasyon sa isang libo apat na daang (1,400) ektaryang sakahan na makatutulong sa mga magsasaka mula sa limang (5) IAs. Ang mga magsasakang makikinabang sa proyektong ito ay ang mga miyembro ng Dumangueña Manaile River IA Inc., Agkakaruba IA, Jose Rizal ng Aborlan Farmers IA, Katuwang sa Bukid IA, at Strella Village Tuas Farmers IA.

Sa inagurasyon, binigyan-diin ni Regional Manager Engr. Cervantes ang layunin ng ahensya na makapagbigay ng mahusay na serbisyo at epektibong irigasyon, panatilihin ang suporta sa mga magsasaka at sektor ng agrikultura.

Pinuri ni Pangulong Andres ang diwa ng pagtutulungan gayon din ang suporta at serbisyo na ipinakita ng ahensya upang mapabuti ang kontruksyon ng rehabilitadong kanal ng Malatgao RIS.

# NIA at DSWD, nagkaisa upang isakatuparan ang PROJECT LAWA AT BINHI SA LALAWIGAN NG OCCIDENTAL MINDORO

Vivian T. Dimzon

Naging aktibo ang pakikiisa ng NIA Occidental Mindoro IMO sa paglulunsad ng bagong programa ng Department of Social Welfare and Development (DSWD), ang Project LAWA (Local Adaptation to Water Access) at BINHI (Breaking Insufficiency through Nutritious Harvest for the Impoverished) na ang layunin ay matulungan ang mga magsasaka, indigenous people at iba pang indibidwal na higit na naapektuhan sa nakaraang El Niño sa pamamagitan ng cash-for-work program na ito.




Sa naging oryentasyong isinagawa ng DWSD na ginanap sa PDRRM Center, Mamburao, Occidental Mindoro noong ika-25 ng Abril na dinaluhan ni Sr. IDO Edwin V. Arevalo, iminungkahi na ang mga irrigation facilities ng NIA ay maging bahagi sa mga restoration at rehabilitation activity na isasagawa sa ilalim ng project LAWA at ang mga canal embankment naman ang maging lugar upang mapagtaniman ng mga gulay na mapapakinabangan ng komunidad sa bahagi ng






itutuloy sa pahina 11

mula sa pahina 10

project BINHI kaalinsabay na rin sa isinusulong na programa ng NIA na Gulayamanan. Ang cash for work program na ito ay mayroong dalawampung (20) araw na pagtatrabaho na may kaukulang compensation na P395 kada araw alinsunod sa daily minimum wage sa lalawigan. Kaisa rin sa pagsusulong ng naturang programa ay ang Bureau of Soil and Water Management (BSWM), National Commission on Indigenous People (NCIP) at mga Lokal na pamahalaan sa lalawigan.

Inilunsad ang unang bahagi ng programang ito sa limang (5) munisipalidad ng lalawigan ng Occidental Mindoro- sa Looc, Abra de Ilog, Rizal, San Jose at Sta. Cruz. Sa mga nasabing munisipalidad, pitumpu't limang (75) kabahagi dito ay miyembro ng Irrigators Association na kung saan siniguro ang kaayusan ng paglilinis at restoration ng mga pasilidad pang-irigrasyon sa mga lugar na kanilang nasasakupan. Bago ang pagsisimula nito, nagsagawa ng 2-day orientation para sa mga benepisyaryo sa bawat munisipalidad upang maunawaan ang proseso at mandato ng naturang programa para sa kaayusan ng implementasyon nito.

Malaking katulungan ang programang ito sa mga miyembro ng Irrigators Association upang mapunan ang kakulangan sa kanilang kita dulot ng pinsalang dala ng El Nino sa lalawigan. Maliban dito, naging daan din ito upang mapangalagaan at maisaayos ang ilan sa mga bahagi ng pasilidad pang-irigasyon na kinakailangan sa pagsasaka na siyang pangunahing hanapbuhay sa komunidad. Kinilala ng DSWD ang partisipasyon ng NIA sa pagsusulong ng programang ito at maituturing na isang magandang simula sa higit na pakikiisa sa mga susunod na proyekto at programang makakatulong sa pagtaguyod ng kabuhayang pang-agrikultura sa buong lalawigan.





# OCCIDENTAL MINDORO IMO IA TRAINING



Gender Sensitivity Training ng San Agustin San Jose Occidental Mindoro IA noong Mayo 14-15, 2024



Strategic Planning and Policy Formulation (SPPF) ng Sta. Fe IA noong Mayo 16-17, 2024

# 12 IA, nagkaisa para sa "LINGAP SA MAMAMAYAN NG STA. CRUZ" sa ilalim ng Programang KADIWA ni Pangulong BBM

*Vivian T. Dimzon*

Labingdalawang (12) Irrigators Association (IA) mula sa Sta. Cruz, Occidental Mindoro ang nagkaisa upang suportahan ang programang KADIWA ni Pangulong BBM sa pamamagitan ng isang inisyatibong tinawag na 'Lingap sa Mamamayan ng Sta. Cruz." Ang mga IA na ito ay nag-display ng kanilang sariling aning bigas para sa kapakinabangan ng komunidad. Ibinenta nila ito sa halagang P35.00 lamang kada kilo sa Sta. Cruz Municipal Gymnasium, Mulawin, Sta. Cruz, Occidental Mindoro. Layunin ng kaganapang ito na magbigay ng dekalidad at abot-kayang bigas sa nasabing komunidad.

Pinangunahan ng Pederasyon ng mga Magpapatubig ng Sta. Cruz, Inc., sa pakikipagtulungan sa NIA Occidental Mindoro IMO sa pamumuno ni Division Manager Engr. Raymundo L. Calusin, kasama si Senior IDO Edwin Arevalo at mga tagapagpatupad ng Institutional Development Program (IDP), matagumpay nilang nakalap at nabenta ang 2,100 kilo ng bigas. Ang abot-kayang produktong ito ay pinakinabangan ng halos 200 katao, kabilang ang mga mangingisda at mga katutubong mamamayan.

Dumalo sa kaganapan sina Sta. Cruz Municipal Mayor Ernesto Torreliza at Municipal Agriculturist Jhonnie Ramos, at binabati ang kanilang makabuluhang pagsisikap sa nasabing gawain. Ipinahayag nila ang kanilang buong suporta sa mga ganitong programa, at binigyang-diin nila ang kahalagahan ng mga inisyatibong ito sa ikapagpapaunlad ng kabuhayan ng mga mamamayan sa buong komunidad ng Sta. Cruz.

Kabilang sa mga nakiisang IA ay ang Alacaak-Pagbahan IA, Kurtinganan-Sta, Cruz IA, Mulawin Aribugan IA, Ramayan San Vicente IA, Casague Salagan IA, Amnay Cabagan IA, Samahang Magsasaka ng Kabangkalan para sa Kaunlaran, Baclaran-Pinagturilan IA, Baribuan Upper Lumangbayan IA, Mambog-Barahan IA, Lusakan Sinagtala IA, at Dayap Lumangbayan IA.



